

# CAUSES OF POWER INTERRUPTIONS

---

Maraming dahilan kung bakit nag babrownout. Alamin muna natin ang iba-t ibang uri nito:

- ✚ **BROWNOUT** – High demand in electricity=reduced voltage “May kuryente pero mahina”
- ✚ **POWER INTERRUPTION** – Loss of electric power in a specific area . May be scheduled for service improvements, or unscheduled due to emergencies. “walang kuryentre dito sa amin”
- ✚ **BLACKOUT** –total or partial system collapse in the power grid = loss of electric power “walang kuryente sa buong Luzon’;

## **DALAWA ANG NAG IISKEDYUL NG BROWNOUT SA COVERAGE AREA NG CAGELCO I:**

1. Cagayan I Electric Cooperative, Inc. (CAGELCO 1)
2. National Grid Corporation of the Philippines(NGCP)

## **ANU-ANO ANG MGA DAHILAN KUNG BAKIT NAG PAPA ISKEDYUL NG BROWNOUT ANG CAGELCO I O ANG NGCP?**

1. Pagpalit ng mga marupok at nasirang poste, pag dagdag ng poste kung kinakailangan, paglipat ng poste kung ito ay nakakasagabal sa pag papaluwag ng daan, pagkuha ng mga lumang poste
2. Pagpalit ng mga nabasag na insulator
3. Paglinis, pagputol, pagtabas ng mga matataas na halaman o punong kahoy sa right-of-way upang maiwasan ang pagkakaroon ng hindi inaasang brownout
4. Pag-aayos at pagpapanatili ng mga linya upang maiwasan ang anumang aksidente o pagkakakuryente
5. Paglipat, paggawa, pag-upgrade, pagpapanatili at pagaayos ng mga linya
6. Pagdagdag ng recloser upang mabawasan ang mga lugar na maapektuhan kapag nagkaroon ng brownout
7. Paglipat ng loads upang maiwasan ang over loading

Ang kadalasang brownout ay sanhi ng tinatawag na System Improvement Activities. Ibig sabihin, ang lahat ng ito ay may layunin na mag-improve ang serbisyo.

## **ANU-ANO ANG MGA DAHILAN KUNG BAKIT BIGLAANG NAGKAKARON NG BROWNOUT?**

1. Napigtas na primary line dahil sa biglaang lakas ng ulan at hangin na nagreresulta sa pagsampa ng mga sanga ng punong kahoy.
2. Kidlat na nagreresulta sa pagkabasag ng insulators at pagkasira ng transformer.
3. Vehicular accidents – Kapag nababangga ng mga sasakyan ang mga poste.
4. Paniki at ibon – kapag dumidikit ito sa insulators
5. Equipment failure (substation)
6. Nabasag na insulators dahil sa mga bumabato o tumitirador dito
7. Nasira o sumabog na transformer dahil na overload
8. Kakulangan ng supply ng kuryente
9. Pagnakaw ng kahit anong parte ng linya